1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Mga Batayang Impormasyon Tungkol Sa Sarili



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_AP7_Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Mga Batayang Impormasyon Tungkol Sa Sarili**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marjorie D. Pilon

**Editor:** Lolita V. Lorenzo, Editha C. Dimarucut, Joy C. Gabriel, Leonora L. Tuason

**Tagasuri:** Perfecta M Bautista, Elizabeth R. Berdadero, Fidel B. Manaligod, Jenelyn B. Butac, Richard O. Ponhagban

**Tagaguhit:** Christine Tolentino, Carmilyn Celestino

**Tagalapat:** Jay Lord B. Gallarde

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Mga Batayang Impormasyon Tungkol Sa Sarili

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang impormasyon tungkol sa iyong sarili tulad ng iyong buong pangalan, pangalan ng iyong magulang, kaarawan at edad.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

Nasasabi ang batayang impormasyon tungkol sa sarili tulad ng pangalan, magulang, kaarawan, edad, tirahan, paaralan, iba pang pagkakakilanlan at mga katangian bilang Pilipino.

## *Subukin*

**Panuto:** Ibigay ang mga impormasyong tinatanong. Isulat ang sagot sa mga guhit na nasa ibaba ng bawat bilang.

Ako si________________________________________nakatira sa

_________________________________________________.

Ang aking tatay ay si____________________________________.

Ang aking nanay ay si___________________________________.

Ako ay ___________ taong gulang. Ang tawag sa akin ng nanay, tatay, at mga kapatid ay ______________________.

## *Balikan*

**Panuto:** Sa gabay ng magulang o tagapag-alaga kantahin ang awiting Maligayang Batì.

**Maligayang Batì**

Maligayang batì, Maligayang batì
Maligayang, maligaya
Maligayang batì!
Pagpalain ka nawa, ng Poong Maykapal
Na bigyan ka ng mahaba, ng mahabang buhay.

## *Tuklasin*

**Panuto:**. Tulungan natin si Ana na makauwi sa kanyang tirahan. Magsimula sa *arrow*. Guhitan ang kanyang daraanan hanggang sa makarating siya sa kaniyang tirahan.



## *Suriin*

**Panuto:** Basahin ang usapan sa diyalogo.

Pasukan na naman. Umiiyak ang batàng si Ana na nasa Unang Baitang dahil hindi na siya masasamahan ng kaniyang nanay sa loob ng silid-aralan. Nakita siya ng kaniyang guro na si Bb. Manuel.



## *Pagyamanin*

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong. Bilugan ang titik ng tamàng sagot

1. Sino ang batáng umiiyak sa unang araw ng klase?

   a. Mara  b. Mina  c. Ana

2. Saan nakatira si Ana?

   a. Purok 4 Nabbuan, Santiago City
   b. Purok 6 Malvar, Santiago City
   c. Purok 5 Calaocan, Santiago City

3. Sino ang guro ni Ana?

   a. Bb. Manuel  b. Bb. Marikit  c. Bb. Maganda

4. Sino ang mga magulang ni Ana?

   a. Marikit at Joshua Manabat
   b. Marieta at Jose Manabat.
   c. Maganda at Jose Manabat

5. Isulat ang pangalan ng iyong mga magulang sa ibaba.

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

## Isaisip

Ang mga impormasyon tungkol sa sarili ay napakahalagang malaman at maibahagi sa iba tulad ng pangalan, magulang, kaarawan, edad, tirahan, paaralan, iba pang pagkakakilalan at mga katangian bilang Pilipino.

## *Isagawa*

**Panuto:** Isulat sa loob ng kahon ang pangalan ng iyong paaralan.



## *Tayahin*

Ang pangalan ang pinakamahalaga at pangunahing impormasyon dahil ito ang ginagamit upang maipakilala mo ang iyong sarili sa lahat ng pagkakataon.



**Panuto:** Balikan ang pag-uusap ng dalawang batà sa Suriin. Bilugan ang titik ng tamàng sagot.

1. Ano ang pangalan ng dalawang batáng nag-uusap?
   a. Alex at Krisha  b. Lina at Lino  c. Maria at Mario

2. Kailan ipinanganak si Krisha ?
   a. Ika – 24 ng Agosto 2014
   b. Ika -2 ng Nobyembre 2014
   c. Ika -10 ng Hulyo 2014

3. Kailan ipinanganak si Alex ?
   a. Ika - 10 ng Marso 2014
   b. Ika - 10 ng Mayo 2014
   c. Ika - 10 ng Hulyo 2014

4. Ilang taon na ang dalawang batà ?
   a. Lima  b. anim  b. pito

5. Sa palagay mo, ano ang naramdaman ng dalawang batà habang nag-uusap ?
   a.   b.   c. 

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Isulat ang iyong buong pangalan, edad, kaarawan at paaralan .

PANGALAN

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

EDAD

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

KAARAWAN

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
**Magkakaibaang kasagutan**

Tuklasin:

Magkakaiba ang sagot

Pagyamanin

1. C
2. A
3. A
4. B
5. Magakakaiba-iba ang sagot

Isagawa
Magkakaiba ng sagot

Tayahin

1. A
2. A
3. C
4. B
5. 

# *Mga Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide
Araling Panlipunan 1
Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog)

Mga Manunulat:
Noel P. Miranda, Odilon B. Ocampo
Rodel Q. Amita, Violeta E. Reyes
Malou M. De Ramos, Lenie A. Tiamzon
Ma. Corazon V. Adriano, Emily R. Quintos

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph